



MAIKLING KAALAMAN:

MGA BAKUNA SA COVID-19 AT PAGBUBUNTIS

Napakaraming maling impormasyon ang nagkalat tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19 at pagbubuntis. Pag-usapan natin ang ilang karaniwang kaalaman!

Ligtas ang mga bakuna sa COVID-19 bago ang, sa panahon ng, at pagkatapos ng pagbubuntis.

Ang pagpapabakuna habang buntis ay inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists (ACOG, Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist sa America) at ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) bilang pamprotekta laban sa malubhang sakit na COVID-19.

Lubos na nanganganib ang mga taong buntis na magkaroon ng malubhang sakit at mga komplikasyon kung magka-COVID-19 sila.

Ang malubhang pagkakasakit ng COVID-19 habang buntis o pagkatapos magbuntis ay maaaring lubos na magpataas sa panganib na maospital at mangailangan ng ventilator, magkaroon ng mga komplikasyon habang buntis, manganak nang hindi pa kabuwanan, o makaranas ng stillbirth (pagkamatay ng sanggol bago ipanganak o habang ipinapanganak).

Walang ebidensiyang nagmumungkahi na ang mga bakuna sa COVID-19 ay dahilan para magkadepekto sa panganganak, makunan, manganak nang hindi pa kabuwanan, makaranas ng still birth, o iba pang komplikasyon.

Gayunpaman, napag-alaman na ang sakit na COVID-19 ay nagdudulot ng mga ganitong komplikasyon.

Ligtas ang magpabakuna kung nagpapasuso ka.

Ang gatas ng ina ay maaaring may hatid na antibodies para sa iyong anak, na makakatulong na protektahan siya laban sa impeksiyon ng COVID-19 hanggang sa makuwalipika na siyang magpabakuna pagtuntong ng 6 buwang gulang.

Mga Dulugan:

Mga Bakuna sa COVID-19 habang Buntis o Nagpapasuso (cdc.gov) | <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/pregnancy.html> (English, Spanish, Korean, Vietnamese, at Chinese lang)

Mga Taong Buntis at Nagbuntis Kamakailan | CDC | <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/pregnant-people.html> (nasa English lang)

Mga Bakuna sa COVID-19 at Pagbubuntis: Ang mga Dapat Mong Malaman | Johns Hopkins Medicine | <https://www.hopkinsmedicine.org/health/conditions-and-diseases/coronavirus/the-covid19-vaccine-and-pregnancy-what-you-need-to-know> (nasa English lang)